**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1| Issue 3| AUGUST 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# PAGTULAY SA AGWAT: MGA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL MULA SA PROBINSYA SA PAKIKISALAMUHA SA BAGONG KAPALIGIRAN

**Zijay P. Pereda[1], Rosemarie F. Picardal[2],**

**Anjalie Joy B. Baiddin[3], Cathlyn Joy J. Ricamara[4]**

College of Education
University of Cabuyao

*zppereda@pnc.edu.ph[1], picardalr06@gmail.com[2], baiddinanjaliejoy23@gmail.com[3], ricamarac65@gmail.com[4]*

***Abstract***

*This study examines the experiences of students from the province in adapting to the new environment at Pulo Senior High School. Its objective is to identify key challenges related to cultural, linguistic, and social integration within the community. The researchers employed a phenomenological approach and qualitative methodology, utilizing semi-structured interviews with selected students. Findings indicate that students face difficulties in aspects such as language proficiency, behavioural adjustment, and social interaction. Specific challenges include lack of self-confidence, shyness in communication, and feelings of being different from peers. To address these issues, students engaged in active social participation, language improvement activities, and sought support from teachers and classmates. Based on these findings, the researchers recommend implementing regular language training, interactive activities, and programs aimed at fostering cultural understanding. The study demonstrates that with appropriate support and interventions, students can adapt more effectively to their new environment. These recommendations may guide schools and inform future research focused on supporting students from provincial backgrounds.*

***Keywords*** *– Strategy, Challenge, Adaptation, Tagalog, Language, Interaction*

## INTRODUCTION

Sa kasalukuyang panahon, patuloy na dumarami ang paglipat ng mga kabataang mag-aaral mula sa probinsya patungo sa mga urban na paaralan upang maghanap ng mas mataas na kalidad ng edukasyon at mas maraming oportunidad sa hanapbuhay. Bilang tugon, binigyan pansin kung paano nakaaapekto ang migrasyong ito sa karanasan ng mga mag-aaral sa edukasyon at kultura. Batay nga sa pagsusuri sa iba't ibang hamon sa kultura, wika, pakikisalamuha, at sistema ng edukasyon na maaring makaapekto sa emosyon, kumpiyansa sa sarili, at akademikong pagganap (Ali et al. 2021; Tadena et al. 2025).

Kaya naman nais na alamin ng pananaliksik na ito ay matukoy ang mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa probinsya sa kanilang pakikisalamuha sa bagong kapaligiran, kabilang ang mga hamong kanilang naranasan, estratehiyang

ginamit sa pag-aangkop, at ang epekto ng mga ito sa kanilang pagkatao.

Ayon nga sa pag-aaral ni Fabro (2024) ang mga mag-aaral galing probinsya ay nagkakaroon ng hamong emosyonal at sosyal habang sinusubukang panatilihin ang kanilang sariling kultura kung saan kasabay ng pag-angkop sa bagong pamumuhay sa lungsod. Batay sa teoryang acculturasyon ni Berry at kultural na adaptasyon ni Kim (2001), sinasaad na ang pag-aangkop ay isang proseso sinusubukan ng isang indibidwal na panatilihin ang kanyang orihinal na kultura habang tinatanggap ang bagong kultura, o kaya nama'y tuluyang lumilipat sa bagong kultura habang naiiwan ang nakagisnan (Supriatna, 2023).

Kung kaya't inalam ng pananaliksik na ito ang pamamaraan ng pakikisalamuha ng mga mag-aaral batay sa kanilang kultura, pakikisalamuha, pag-aangkop, at identidad. Dahil sa mga naunang pag-aaral ay masusuri ang hindi pagtanggap ng kapaligiran, kakulangan sa suportang panlipunan, at "*Culture shock*"na isa sa mga salik na nagpapalala sa pakiramdam ng hiwalay o "*alienation*" ng mga mag-aaral (Ali et al., 2021; Supriatna, 2023). Samantalang may pagkakataon na mga aktibidad na panlipunan, koneksyon sa pamilya, at tulong mula sa guro ay epektibong paraan ng pag-aangkop ng isang mag-aaral (Ali et al., 2021). Ito ang nagtulak sa mga mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral.

Upang makagawa ng mga rekomendasyon ang mga guro, tagapamahala ng paaralan at institusyon ukol sa mga programang tutugon sa pangangailangang akademiko at emosyonal ng mga mag-aaral mula sa probinsya. Gayundin makatulong ito sa paghubog ng mas inklusibong sistemang pang-edukasyon na nakabatay sa paggalang at pagsuporta sa magkakaibang pinagmulan ng mga mag-aaral (Tadena et al., 2025).

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Nilalayon ng pananaliksik na ito na mailarawan at masuri ang mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa probinsya sa kanilang pakikisalamuha sa bagong kapaligirang urban.

Layunin nitong tukuyin ang mga hamon na kanilang naranasan, ang mga estratehiyang ginamit nila sa pag-aangkop, at ang epekto ng mga ito sa kanilang kumpiyansa sa sarili at akademikong pagganap.

Nais din ng pag-aaral na matukoy ang mga temang lumitaw mula sa kanilang mga karanasan

Makapagbigay ng rekomendasyon sa mga guro, magulang, at paaralan upang mas

mapadali ang pag-aangkop ng mga mag-aaral sa bagong kapaligiran.

## METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong metodolohiya upang masiyasat ang mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa probinsya sa kanilang pag-aangkop sa bagong kapaligiran. Isinagawa ang semi-istrukturang panayam bilang pangunahing instrumento upang makuha ang saloobin at karanasan ng mga kalahok. Ginamit ang penomenolohikal na disenyo, na layuning maunawaan ang esensya ng karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang personal na perspektiba. Gumamit ang mga mananaliksik ng purposive sampling, kung saan sadyang pinili ang mga kalahok batay sa mga tiyak na pamantayan: mula mag-aaral ng Pulo Senior High School,na nagmula sa iba't ibang probinsya, at naninirahan sa lungsod nang hindi lalampas ng isang taon.

Sampung kalahok ang lumahok sa pag-aaral – limang lalaki at limang babae. Sa pamamagitan ng *one-on-one* interbyu gamit ang validated na gabay. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at humingi ng pahintulot upang i-record ang panayam.

Gumamit ang mga mananaliksik ng thematic analysis upang tukuyin ang mga tema mula sa salaysay ng mga kalahok. Isinagawa ang manual coding upang tukuyin ang mga pattern na sumusuporta sa mga tanong ng pananaliksik. Kung saan isinaalang-alang ang prinsipyo ng ethics at confidentiality. Lahat ng kalahok ay pinapirma sa informed consent form, at ginamit ang mga alyas upang mapanatili ang pagiging pribado ng kanilang pagkakakilanlan alinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

## RESULT AND DISCUSSION

Sa pagsusuri ng datos ay nagbunga ng ilang pangunahing tema na kumakatawan sa mga karanasan ng mga kalahok sa pag-aangkop sa bagong kapaligiran. Kabilang sa mga ito ang hamon sa wika, pagkaiba sa kaugalian, estratehiya ng pakikibagay, at epekto ng pag-angkop sa personal at akademikong aspeto.

Ipinakita ng mga datos na ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral ay may kinalaman sa pagkakaiba ng wika at kultura. Ayon sa mga kalahok, nahirapan silang magsalita ng Tagalog at madalas silang mapagtawanan dahil dito. Ang ganitong karanasan ay nagdudulot ng pag-aalinlangan sa sarili,

Ayon sa pag-aaral nina Culla-ag et al. (2025), ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagsasalita ng Filipino ay dahil may pgakakataon na takot na magkamali at

kakulangan sa kumpiyansa, lalo na kung hindi ito ang kanilang pangunahing wika o mother tongue. Ang ganitong karanasan ay may implikasyon sa kanilang emosyonal na estado, na maaaring magresulta sa pakiramdam ng pagiging iba o pagkalayo sa bagong kapaligiran, gaya rin ng inilahad nina Ali et al. (2021) na ang linguistic insecurity ay karaniwang hamon sa mga migrante.

Kaya namn gumamit ang mga kalahok ng iba't ibang estratehiya tulad ng aktibong pakikinig, pagmamasid, at pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng sports at social media. Ito ang naging batayan nila upang maka-*adjust.* Batay nga sa pag-aaral ni Supriatna (2023), ang pagkakaroon ng suportang panlipunan ay nakatutulong sa mabilis na pag-aangkop. Ang pagyakap sa bagong kultura ay nagresulta sa positibong epekto sa kanilang emosyonal at akademikong kalagayan.

Mula sa resulta ng pag-aaral marami sa mag-aaral ang nagpakita ng pagtaas ng kumpiyansa sa sarili at matagumpay na pakikibagay. Gayunman, may ilan ding nakaranas ng patuloy na kalungkutan at pangungulila sa pinagmulang probinsya.

**Tahanayan 1. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa Mga Hamong Nararanasan sa Pakikisalamuha sa Bagong Kapaligiran**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Nahirapana ko sa ibang words po, dito kasi po may mga words pong hindi po alam tapos may words din kami na hindi nila alam"* – K3 | Ang pagbabahagi ni kalahok 3 ng kaniyang karanasan masusuri na may kahirapan sila na makapasalita ng Filipino. |
| *"Pinagtatawanan nila ako minsan kahit sa tita ko kasi yung tagalog ko raw po minsan nahahaluan ng bisaya tapos pag nagsalita ako may gusto akong sabihin hindi ko siya macomplete kasi hindi ko siya alam sa tagalog" -K7* | May pag-aalinlangan sa pagsagot si Kalahok 7 sapagkat hindi pa siya nakapagsasalita nang maayos sa Filipino. Walang kumpyansa. |

**Tahanayan 2. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa Nararanasan sa Pagsasantabi ng Orihinal na Kultura**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Sa pagkain nila ibang iba po yung pagkain nila dito sa pagkain namin doon parang ang weird po nong pagkain nila dito kasi samin po for example doon sa monggo po hindi po namin siya hinahaluan ng pansit, tapos ano yung ampalaya kasi sa amin hindi" -K1* | Kampante ang pagkaka-lahad ni kalahok 1 sa kaniyang karanasan Masusuri na may pagtanggap sa bagong kultura |
| *"Minsan din po kasi hindi talaga tugma yung nakakaugalian naming tradisyon o kagawian doon at dito kaya parang nahihirapan ako. Mayroon din pong word ng marinduque ang hindi nila alam dito" -K6* | May emosyonal na kalung-kutan ang kasagutan ni kalahok 6 dahil sa bagong kultura kanyang kinahaharap. |

**Tahanayan 3. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa Kanilang Karanasan sa Pagyakap sa Bagong Kultura upang Mapagtagumpayan ang Pakikisalamuha sa Bagong Kapaligiran**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Mas napadali po kasi ano kapag syempre galing kang ibang probinsya mas kailangan mong makisalamuha sa kanila kasi para makipag-usap ka ta para matuto kang malaman yung mga salita nilang tagalog." -K4* | Pagbabago ng emosyon(kasiyahan) sa kalahok 4 sapagkat ito ay nakatulong sa kaniyang pakikisalamuha at naging daan sa pagkatuto. |
| *"Ano po na-adopt ko po ang salita nila, at mga kultura po nila at yung mga ginagawa po nila." -K9* | Masayang ibinahagi ni kalahok 9 ang kaniyang pakatuto sa pag-angkop sa bagong kultura. |

**Tahanayan 4. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa mga Estratehiyang Ginawa upang Masanay sa Paggamit ng Bagong Wika**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Sinimulan ko po sa bahay ang pagsasalita po ng tagalog sa mga pamangkin ko po don po kasi po tapos po sa mga naging kaibigan ko po dito don ko po mas lalo natutunan yung mga tagalog na salita po."-K5* | Masaya ang ibina-hagi ni kalahok 5 dahil sa pagtanggap sa bagong kultura mula sa tulong ng naging kaibigan. |
| *"Nagoobserve lang ako. Minsan pinapakinggan ko yung pagsasalita ng mga tao tapos minsan nagtatanong ako kapag hindi ko alam yung ibigsabihin o hindi ko naintindihan yung mga words."-K7* | Pag-oobserba upang magawa ng estratehiya upang maka-adopt ang kalahok 7 upang matuto sa bagong dayalekto. |

**Tahanayan 5. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa mga Naging Diskarte para Makabuo ng Bagong Kaibigan**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Yung ginawa kong paraan para magkaroon ako ng kaibigan dito yung ano po paglalaro po ng basketball then mahilig po akong magbasketball don po nagkaroon po akong ng mga kaibigan."-K2* | Pakikisalamuha sa iba ang ninais ng ni kalahok 2. (emosyon masaya) |
| *"Sa pamamagitan po ng social media kumbaga po naghahanap ako ng mga taga dito para makausap ko mga kaklase ko lang din po sila mga groupmates kopo tapos po kinikilala ko po muna sila kung sino sila"-K7* | Pakikisalamuha rin ang tugon ng kalahok 5. Pagiging pamaraan sa pakikipag-ugnayan ang kailangan. |

**Tahanayan 6. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa kung Paano Isinagawa ang mga Estratehiyang Ginamit upang maging Mabisa ang Pakikisalamuha**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Naging mabisa naman yung mga nagawa kong mga stratehiya para matuto ako sa pagtatagalog at mga kinagawian dito at mas dumarami pa yung mga kaibigan ko dahil sa pakikisama ko sa mga nakakasalamuha ko dito."-K3* | Pag-aanalisa sa gagawin hakbang sa pamamagitan ng pakikisama mula sa kalahok 3 |
| *"Inaapply ko lang kung ano yung strategy na sinabi ko kanina like yung pakikipag-usap* | Kumpyansa sa sarili ang tanging estratehiya para sa kalahok 10 |

**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN: 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 2 | Issue 3| AUGUST 2025



| | |
|---|---|
| *yun, talagang ina-no ko siya sa mga tao kung baga kung may makikita akong tao para maging mabisa talaga yung aking starategy na ginawa."-K10* | |

**Tahanayan 7. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa mga Mag-aaral na Kanilang Natutuhan sa Pakikipagsalamuha sa Hamong Pinagdaanan**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Huwag po kayong huwag niyo pong ipaibabaw yung sarili na ah wala wala na akong magagawa ganito na ako e ganito na ako lumaki parang mag adjust po kayo don sa sorrunding nyo"-K1* | Huwag matakot na makisalamuha para sa kalahok 1 |
| *"Pagsasalita nga po ng tagalog… minsan po nahihiya pa rin ako makipaghalobilo sa kanila kasi nga dahil sa salita namin mahahalata po talaga na bisaya baka mamaya pagtawanan nila ako ganon."-K5* | Pakikisalamuha at lakas ng looba para kalahok 5 |

**Tahanayan 8. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa mga naging Motibasyon ng Mag-aaral sa Pag-angkop ng Bagong Kultura**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Naging motibasyon ko po yung pamilya ko po kasi po magkalayo po kami nasa mindanao po sila kasi ako lang po yung nandito tsaka po yung pinsan ko na may pamilya na rin po sumama po ako sakanila para mag-aral dito."-K5* | Pagkakaroon ng motibasyon sa pakiki-angkop sa bagong lugar para sa kalahok 5 |

| | |
|---|---|
| *"Kailangan mo mag-adjust tapos iadapt mo nalang para mapatagumpayan ko yung pag- unlad ko at para makapagtapos ako ng pag-aaral."-K10* | Malinaw ang layunin at determinasyon ni kalahok 10 |

**Tahanayan 9. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa Pagpapalakas ng Kumpiyansa sa Sarili ng mga Mag-aaral**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Lahat naman mga positive at negative kailangan natin na tanggapin kaya ayun tinanggap ko nalang po kasi part po yun ng improve na kailangan pa natin mas galingan pa like po sa pag-aaral mas kailangan mong ipakirta sakanila na kung anong meron ka" -K3* | May positibong pana-naw na para sa kalahook 3 upang magkaroon kumpyansa sa sarili |
| *"Pinalakas ko ang kumpiyasa ko sa sarili ko dito ano po yung sa pagapapreporting po nila dito tsaka po yung pagrerecitation po… sinusubukan ko na eenhance ko napo yung pagpupublic speak"-K5* | Komportableng pakikilahok ang ibinahagi ni kalahok 5 kung paano pinapalakas ang kumpiyansa sa sarili. |

**Tahanayan 10. Mga Direktang Sipi ng mga Kalahok Ukol sa Pag-apply ng Positibo at Negatibong Karanasan ng mga Mag-aaral**

| Direktang Sipi | Obserbasyon ng Mananaliksik |
|---|---|
| *"Ginawa ko po siyang parang motivation po para maging dobetter pa sa ano tapos yung mga positibo po ginagawa ko rin po siyang motivation para ma-improve ko yung sarili ko."-K1* | Pagtanggap at pag-angkop sa kanyang bagong kapaligiran |

| | |
|---|---|
| *"Kailangan natin na tanggapin kaya ayun tinanggap ko nalang po kasi part po yun ng improve na kailangan pa natin mas galingan pa like po sa pag-aaral mas kailangan mong ipakirta sakanila na kung anong meron ka"-K3* | *Pinagsawalang bahala sa kaniyang mga naranasang negatibo upang mas makaangkop sa bagong kapaligiran.* |

**Tahanayan 11. Kabuoan ng Pangunahing Tema at Pangalawang Tema**

| Pangunahing Tema | Pangalawang Tema |
|---|---|
| Hamong Kinahaharap ng mga Mag-aaral sa Pakikisalamuha sa Bagong Kapaligiran | Hadlang sa bokabularyo<br>Kahirapan sa lengguwahe at pakikibagay sa bagong kapaligiran<br>Pagkagulat sa kapaligiran at pamamaraan ng pagtututo |
| Hamong naranasan sa pagsasantabi ng Orihinal na Kultura sa Pagtangkilik ng Bagong Kultura | Paninibago sa kultura<br>Kahirapan sa pag-angkop sa wika<br>Pag-alala sa pagsasalita ng bagong diyalekto<br>Hindi pagkakatugma ng nakagawian |
| Paraan na Ginawa sa Pagyakap sa Bagong Kultura sa Pakikisalamuha sa Bagong Kapaligiran | Patuloy na pakikibagay at pakikipag-kapwa<br>Pagpapalalim ng kasanayang kultural<br>Pag-angkop sa wika at pagkatuto ng kultura |
| Estratehiyang Ginamit sa Pakikibagay sa Bagong Kapaligiran | Pag-adjust at praktis sa wika<br>Pakikipag-ugnayan at pakikinig<br>Pag-obserba at paglilinaw sa paggamit ng wika |
| Diskarte sa Pagbuo ng Bagong Kaibigan sa Paaralan | Pakikipag-ugnayan at pakikisama<br>Pagsasagawa ng komunikasyon<br>Pagbuo ng kumpiyansa sa pakikipag-usap |
| Estratehiyang Ginamit Upang Mabisa ang Pakikisalamuha sa Bagong Kapaligiran | Pakikisama at pagtanggap<br>Pakikipagkomunikasyon at pagkatuto<br>Pagplano at pagdami ng kaibigan |
| Aral na Natutuhan sa Pakikisalamuha na Naging Daan sa Pagtatagumpay ng mga Hamong Pinagdaanan | Pagrespeto sa kultura<br>Anti-bullying<br>Praktis sa wika at pag-angkop<br>Pagpili ng kaibigan at tiwala sa sarili |
| Motibasyon sa Pag-angkop ng Bagong Kulturang Kinabibilangan sa Personal na Pag-unlad. | Pamilya bilang motibasyon<br>Pag-aaral bilang motibasyon<br>Pananalig sa diyos<br>Pag-aangkop para sa tagumpay |
| Pagpapalakas ng Kumpiyansa sa Sarili sa Pakikisalamuha | Tiwala sa sarili at katatagan sa biro<br>Pagpapalakas ng kumpiyansa sa sarili |

| | |
|---|---|
| | Lakas ng loob at pakikihalubilo |
| | Pagtanggal ng takot at pagtanggap ng positibo at negatibo |
| Pag-aapply ng Sariling Naranasan na Positibo at Negatibo upang Hindi Maapektuhan ang Akademikong Pagganap | Motibasyon tunggo sa akademikong pagganap |
| | Komunikasyon para sa sariling pag-unlad |
| | Adaptasyon at pag-apply ng positibong pananaw |

## CONCLUSION AT RECOMMENDATION

Ipinakita ng pananaliksik na ang mag-aaral mula sa probinsya ay naharap sa iba't ibang hamon sa kanilang pakikisalamuha at pag-aangkop sa bagong kapaligiran sa lungsod. Kabilang dito ang hadlang sa bokabularyo, hirap sa paggamit ng wika, pagkagulat sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo, at ang pagsasantabi ng sariling kultura upang makibagay sa bagong kultura. Sa kabila ng mga ito, nakabuo sila ng epektibong estratehiya gaya ng aktibong pakikibagay, pagbuo ng bagong kaibigan, at pagbubuo ng kumpiyansa sa sarili upang maging matagumpay sa akademiko at personal na aspeto. Lumitaw din ang mga temang nagpapakita ng kahalagahan ng tiwala sa sarili, respeto sa kultura ng iba, at ang pananalig sa Diyos bilang sandigan sa pagharap sa mga hamon. Ang kanilang mga karanasan ay nagbigay sa kanila ng mahahalagang aral na nagsilbing pundasyon ng kanilang paglago at tagumpay sa bagong kapaligiran.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Para sa mga mag-aaral: pinapayuhang paigtingin ang tiwala sa sarili upang maging bukas sa pakikisalamuha at pagkatuto, hindi lamang sa aralin kundi pati na rin sa kultura at wika ng bagong kapaligiran. Makatutulong ito sa mas mabilis na pag-angkop sa bagong kultura.
2. Para sa mga guro, inirerekomenda na magtaguyod ng inklusibong silid-aralan kung saan malayang naibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang karanasan at kultura. Mainam ding magsagawa ng mga workshop na nakatuon sa pagbuo ng tiwala at komunikasyon upang matulungan silang makibagay.
3. Para sa paaralan, dapat ipatupad ng mga paaralan ang mga programang sumusuporta sa pag-aangkop ng mga mag-aaral mula sa probinsya. Maaaring magsama ito ng mga pagsasanay, pagpapayo, at aktibidad na nagpapalaganap ng pagkakaiba-iba at pag-unawa sa kultura.

4. Para sa mga susunod na mananaliksik, nawa'y magsilbing gabay ang pananaliksik na ito sa mga susunod pang pag-aaral. Mainam na magsagawa ng mas malalim na pag-aaral tungkol sa pag-aangkop ng mga mag-aaral sa bagong kapaligiran upang makabuo ng mas epektibong batayan para sa mga polisiya at programang sumusuporta sa kanila.

## References

Adraneda, G. C., & Canare, L. C. (2023). Mga hamon sa pagtuturo sa mga guro sa panahon ng COVID-19 pandemya: Isang naratolohiya, Peninsulares International Journal of Innovation and Sustainability, 1(1). https://dio.org/10.5281/zenodo.12754415

Ali, S., Sarker, M.F.H., Islam, M.S. et al. (2021). Pursuing Higher Education: Adaption Challenges and Coping Strategies of Rural Students at Urban Universities in Bangladesh, Tert Educ Manag 27, 91-106. https://doi.org/10.1007

Berry, J. W. (1997). Immigration, acculturation, and adaptation. *Applied Psychology: An International Review*, *46*(1), 5–34. https://doi.org/10.1111/j.1464-0597.1997.tb01087.x

Culla-ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-as, B. P., Dirampaten, N. U., Eguia, M. L. G. (2025). Mga Hamon sa Epektibong Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagsasalita, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies. 5. 178-196. 10.47760/cognizance. 2025.v05i01.015

Kim, Y. Y. (2001). *Becoming intercultural: An integrative theory of communication and cross-cultural adaptation.* Sage Publications.

Supriatna, E. (2023). Adaptation Strategies of Migrant Students in Adjusting to a New Campus Environment, AL-ISHLAH: Jurnal Pendidikan. 15. 2209-2217. 10.35445/alishlah. v15i2.3848

Tadena, E. B., Hiso, E. G., Alcantara, N. K., Bulpani, M., De Castro, M. K., Leopoldo, S., Magbanua, N. A., Setosta, S. M., Ututalum, A. (2025). Urban Deams and Mental Strains: Exploring the Academic Journey of Eleventh Graders STEM Pre-Science Learners during Rural-to-Urban Transition, International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 3 (1), 1-13.